ANG Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLIX Blg. 19
Oktubre 7, 2018
www.philippinerevolution.info




EDITORYAL

# Labanan ang panlilinlang at mga hakbanging anti-demokratiko ni Duterte

Isang engrandeng kampanyang panlilinlang laban sa mamamayang Pilipino ang isinasagawa ngayon ng rehimeng US-Duterte. Sa ngalan ng "pagsugpo sa Red October," pakana diumano ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) para ibagsak si Rodrigo Duterte ngayong Oktubre, pinagbabantaan ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na supilin ang saligang mga karapatang demokratiko ng mamamayang Pilipino.

Pinupuntirya ni Duterte ang karapatang mag-organisa at magpahayag ng iba't ibang demokratikong sektor, sa pagsabing ang gayong mga hakbang ay bahagi ng pakana.

Pinag-iinitan ni Duterte ang mga estudyante at akademiko. Kaliwa't kanang inakusahan ng mga pinuno ng AFP ang mga unibersidad at kolehiyo na bahagi ng anila'y pakanang "Red October." Pinananagot ng AFP ang mga administrador at may-ari ng mga eskwelahan sa pagpapahintulot sa mga guro at estudyante na talakayin at ihalintulad ang batas militar ni Marcos sa kasalukuyang panahon. Kumukubabaw ngayon ang banta ng AFP na manghimasok, maniktik o pagbantaan ang akademikong komunidad sa mga kampus.

Pinagbabantaan din ni Duterte at ng AFP ang mga manggagawa laban sa paglulunsad ng mga welga na bahagi rin diumano ng "Red October." Pakay rin diumano ng mga welga na papagsarahin ang mga pabrika, ayon sa balubaluktot na pagkakatwiran ng AFP. Ti-

*"Labanan...," sundan sa pahina 2*

## Koordinanong mga aksyong militar sa Bicol

AABOT SA 20 operasyong haras ang inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Bicol mula Setyembre 24-26 laban sa mga kampo ng militar at pulis sa Camarines Sur, Albay at Masbate. Sa panimulang mga ulat, hindi bababa sa walong pasistang tropa ang namatay sa naturang mga pag-atake. Target ng mga opensiba ang mga yunit sa ilalim ng 9th ID at mga *mobile force* ng Philippine National Police (PNP).

Sa Albay, tatlong kampo sa Camalig at isa sa Legazpi City ang koordinadong inatake ng mga Pulang mandirigma bandang alas-7 ng gabi noong Setyembre 24. Kinabukasan, tatlo pang kampo ang pinaputukan ng BHB-Albay.

Sa Camarines Sur, apat na

*"Koordinadong...," sundan sa pahina 3*

"Labanan...," mula pahina 1

natabunan nito ang buhay-at-kamatayang mga isyu ng umento sa sahod, kontraktwalisasyon at iba pang hinaing ng mga manggagawa na nagtutulak sa kanila na maglunsad ng iba't ibang anyo ng sama-samang paglaban.

Ang pagbabanta laban sa mga manggagawa at estudyante ay pagbabanta laban sa aktibismo sa kampus at mga pabrika. Layon nitong gumamit ng armadong lakas para sa pagsupil sa demokratikong karapatan na mag-organisa, maglantad sa mga kabulukang panlipunan at sama-samang kumilos para isulong ang kanilang kagalingan.

Nalalantad ang makitid na utak-Marcos ni Duterte at ng AFP. Para sa kanila, lahat ng anyo ng paglalantad ng tunay na kalagayang panlipunan ng mamamayan, pagpapahayag ng pagtutol at paggigiit ng lehitimong mga interes ay bahagi ng isang "sabwatang komunista."

Malaking kalokohan ang sinasabi ng AFP na pinaplano ng PKP ang "Red October" upang itulak si Duterte na ideklara ang batas militar sa buong bansa. Si Duterte at ang AFP ang matagal nang naghahangad na ipataw ang absolutong kapangyarihan militar. Ang pinakalayunin nila'y paigtingin ang kampanya ng ekstrahudisyal na pamamaslang, iligal na pag-aaresto at pagkukulong, pananakot at paninindak kapwa sa kanayunan at kalunsuran upang ipagtanggol ang paghahari ni Duterte sa harap ng lumalawak na panawagan para siya ay patalsikin.

Balubaluktot ang iniimbentong kwento ni Duterte at ng AFP. Sa isang panig, minamaliit niya ang PKP at Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa pagsabing sila'y "walang suporta ng mamamayan," "walang hawak ni isang barangay," at "mapupulbos sa kalagitnaan ng 2019." Sa kabilang banda, nagkukumahog naman ang rehimen na ilarawan ang PKP na nakapangingibabaw na banta at tagapagmando sa lahat ng demokratikong sektor at oposisyon sa pulitika sa kanilang pagpapahayag ng disgusto sa nakaupong rehimen.

Sa pamimilit na palabasing lahat ng anyo ng pagtutol laban sa kanyang paghahari ay bahagi ng "pakanang komunista," pakay ni Duterte na gawing iligal ang demokratikong kilusang masa, ang oposisyon at maging ang kritikal na midya. Kaliwa't kanang itinuturo sila ni Duterte na "kasabwat" o "ginagamit ng mga komunista."

Hindi ito nalalayo sa ginagawang iligalisasyon ng AFP sa kanayunan. Buo-buong komunidad ng mga magsasaka at minoryang mamamayan ang pinalalabas na sumusuporta sa PKP at BHB. Sa ganitong taktika ng todong gera, isinasaisantabi ng AFP ang lahat ng mga prosesong ligal at mga karapatang-tao, at ipinapataw ang absolutong kapangyarihan nito upang ipailalim ang libu-libong mga tao sa armadong pananakot, paninindak at pamimilit sa desperasyong lumikha ng ilusyon ng "maramihang pagsurender" at palabasing nakapaghahari at nakapangyayari si Duterte.

Sa ilalim ng inimbento ng AFP na "Red October," ginagamit ang "multong komunista" para pagbantaang atakehin ang mga patriyotiko, demokratiko at progresibong pwersa na silang nasa unahan ng pakikibaka laban sa tiraniya, pasismo, narco-pulitika at anti-mamamayang mga patakaran sa ekonomya ng rehimeng Duterte. Sinasabi ni Duterte na ang mga komunista lamang ang kanyang target, subalit ang nangyayari'y lahat ng tumututol ay kanyang tinututukan.

Inilalatag niya ang batayan para maideklara ang batas militar o iba pang anyo ng absolutong paghahari upang patatagin ang kanyang rehimen at palawigin pa ang kanyang kapangyarihan sa harap ng lumalawak na panawagan para siya ay patalsikin. Hangad niyang makuha ang suporta ng malalaking burgesyang kumprador, malalaking panginoong maylupa at mga dayuhang monopolyong kapitalista sa pagpapangako ng mas malaking pakinabang sa ilalim ng paghaharing


ANG Bayan

Tomo XLIX Blg. 19 | Oktubre 7, 2018

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/sine.proletaryo

@prwc_info

fb.com/groups/prwcnewsroom

cppinformationbureau@gmail.com


## Nilalaman


**Editoryal**: Labanan ang panlilinlang at mga hakbanging anti-demokratiko ni Duterte 1

Mga aksyong militar sa Bicol 1

"Red October," kinundena 4

Welga sa NAMASUFA 4

Sigaw para sa tunay na reporma sa lupa 6

Pagpanday ng Partido sa Hapmun 8

Mga susing dokumento ng UDKP 10

5 sibilyan, pinatay ng rehimen 12

Pagtaas ng presyo ng langis 14

Panghihimasok ng US 15


Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

kamay-na-bakal.

Dahil sa mga ipinataw na buwis ni Duterte, sa pagtutulak ng ibayong liberalisasyon at kanyang talisa-utang at batbat-sa-korapsyong mga minamadaling proyektong pang-imprastruktura, ang ekonomya ng Pilipinas ay nailalagay sa bingit ng masidhing krisis. Mabilis na nababangkarote ang kanyang gubyerno umaasa na lamang sa pagpapataw ng nakalulumpong mga buwis, dayong pautang na mataas ang interes mula sa China at iba pang dayuhang institusyon, at ayuda at mga pinaglumaang gamit-militar mula sa US.

Nagdurusa ang sambayanang Pilipino sa malawak na kawalan ng trabaho, mababang sahod, pagsirit ng presyo ng pagkain at mga batayang bilihin, kawalan ng lupa, kahirapan, gutom, kawalan ng serbisyong panlipunan at kabuuang paglubha ng kalagayang panlipunan. Dumaranas ang malawak na masa ng ibayong lumulubhang mga anyo ng pagsasamantala at pang-aapi.

Nananawagan ang Partido sa malawak na masang anakpawis na buong-lakas na isulong ang kanilang mga interes pang-ekonomya at pangkagalingan laban sa anti-mamamayan, maka-imperyalista at maka-malaking negosyong mga patakaran ni Duterte. Kasabay ng pagsusulong ng pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa, dapat puspusang isulong ang pakikibaka para sa dagdag sahod, para sa regularisasyon at mas maayos na kundisyon sa paggawa.

Dapat magkaisa ang buong hanay ng mga kabataan at estudyante at ipagtanggol ang mga kampus laban sa mga armadong ahente ni Duterte.

Tinatawagan ng Partido ang sambayanang Pilipino na labanan nang buong lakas ang pasistang iskema ni Duterte, ilantad at labanan ang "Red October" na saywar ng AFP, at labanan ang mga planong paghihigpit laban sa mga demokratikong karapatan at ipataw ang batas militar para supilin ang lahat ng paglaban at oposisyon.




Mula pa noong isang taon, sumibol ang malawak na nagkakaisang prente laban sa tiraniya at pasismo ni Duterte. Habang nagiging mabagsik ang mga atake ni Duterte, lalo niyang ginagatungan ang galit ng sambayanan at inuupat silang lumaban.

Hinihikayat ng Partido ang sambayanang Pilipino na ibayong pagkaisahin ang lahat ng demokratikong pwersa at sektor, pandayin ang kanilang tapang, itaas ang moral sa paglaban at maghanda sa ibayong atake ni Duterte at lumaban na may ibayong sigla at determinasyon na wakasan ang pasistang rehimeng US-Duterte at isulong ang kanilang pambansa-demokratikong pakikibaka.

Habang sumusulong ang demokratikong kilusang masa laban kay Duterte, tuluy-tuloy ding lumalakas at sumusulong ang armadong rebolusyonaryong kilusan sa kanayunan sa buong bansa. Habang nagtatagal ang tiraniko at pasistang paghahari ni Duterte, at lumalalim ang krisis ng naghaharing sistema, mas lalong dumarami ang nais magsandata para maibagsak si Duterte at isulong ang rebolusyonaryong pagbabago sa bayan. AB

---

*"Koordinadong...," mula sa pahina 1*

kampo ng 22nd IB-CAFGU sa bayan ng Libmanan at isa sa Bato ang magkakasunod na hinaras ng BHB noong Setyembre 25. Isa sa mga naturang kampo ang dalawang ulit na hinaras nang araw ding iyon. Kinabukasan, dalawa pang detatsment ng 22nd IB-CAFGU ang pinaputukan ng mga kasama.

Noon ding Setyembre 25 sa Masbate, apat na kampo ng PNP Mobile Force ang inatake ng BHB sa isla. Kabilang sa mga ito ang mga kampo sa Cataingan, Masbate City, San Pascual at San Jacinto. Isang araw bago nito, pinaputukan ng mga kasama ang kampo ng 506th PNP Mobile Force Company sa Barangay Lalaguna, Mobo.

Maliban sa koordinadong mga aksyong ito, iniulat din ng BHB-Albay ang matagumpay na ambus laban sa isang iskwad ng 22nd IB-CAFGU noong Setyembre 22. Tatlong kaaway ang naiulat na namatay at isa ang malubhang nasugatan. Noon namang Agosto 21, dalawang elemento ng 2nd IB ang namatay sa isinagawang ambus sa Barangay Panoypoy, Camalig habang magkaangkas sila sa motorsiklo pabalik sa barangay na kanilang inookupa sa ilalim ng Oplan Kapayapaan.

**Bukidnon.** Noong Setyembre 30, alas-7:36 ng gabi, hinaras ng BHB-Bukidnon ang mga sundalo ng AFP sa Barangay Palacapao, Quezon. Halos kasabay nito, pinaputukan din ng mga Pulang mandirigma ang mga sundalo na nakabase sa Sityo Minongan ng parehong barangay. Dalawa ang naitalang sugatan sa mga sundalo.

**Sultan Kudarat.** Hindi bababa sa 14 na sundalo ang napatay at marami ang nasugatan sa ambus na isinagawa ng BHB laban sa Marine Battalion Landing Team 2 noong Setyembre 16, bandang alas-3 ng hapon sa komunidad ng Sinapsap sa Barangay Sangay, Kalamansig. Gumamit ang mga Pulang mandirigma ng mga pasabog, riple at katutubong mga armas. AB

## "Red October," inulan ng pagkundena

Kabi-kabila ang protesta sa iba't ibang panig ng bansa upang kundenahin ang pakanang "Red October" ng rehimeng Duterte na ipinapakalat nitong nagdaang mga linggo ng mga tagapagsalita ng Armed Forces of the Philippines (AFP).

Sa ilalim ng kathang-isip na "Red October," magsasagawa umano ng mga panggugulo ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa kalunsuran para itulak si Duterte na magdeklara ng batas militar sa buong bansa. Idinawit sa diumanong sabwatang ito ang mga ligal na organisasyong masa, malawak na kilusang kontra-tiraniya, si Sen. Antonio Trillanes IV at ang grupong Magdalo, at ang Liberal Party. Diumano'y nakuha ng AFP ang impormasyon na ito mula sa mga "usapan sa telepono" sa pagitan ng mga lider ng PKP at iba pang grupo.

Nanguna sa pagpapakalat ng disimpormasyon sina AFP Chief of Staff Gen. Carlito Galvez at Deputy Chief for Operations Brig. Gen. Antonio Parlade.

Noong Setyembre 21, idinawit nina Galvez at Parlade sa "Red October" ang mga unyon at nagpu-protestang mga manggagawa ng PLDT, Monde, NutriAsia at Jollibee." Idinawit naman ni Galvez ang 18 eskwelahan sa "konspirasiya" nang humarap siya sa pagdinig sa senado kaugnay sa badyet ng AFP. Pinalabas ng dalawa, sadya man o hindi, ang sinasabi ng AFP ay malawak at malalim ang impluwensya ng PKP sa mga pabrika at eskwelahang ito.

Mariing pinabulaanan ng Ateneo de Manila University, University of the Philippines (UP), University of Santo Tomas at iba pang administrasyon ang akusasyon ng AFP. Ayon pa sa All-UP Academic Employees Union, malisyoso at peligroso ang pahayag na ito ng AFP. Anila, nagbibigay-laya ang pakanang ito sa iligal na sarbeylans, pandarahas at intimidasyon sa mga indibidwal at organisasyon na tumutuligsa sa mga patakaran ni Duterte, tulad na rin ng ginagawa nila sa mga paaralang Lumad sa Mindanao.

Matapos ang mariing pagbatikos ng mga estudyante, guro at maging ng administrasyon sa mga tinukoy na eskwelahan, sinabi na lamang ng AFP na "di pa lubusang kumpirmado" ang kanilang listahan. Bago nito, nagpakalat ng pananakot ang tropa ni Duterte na "magpapasabog ng bomba" ang BHB sa ilang mga paaralan sa Metro Manila bago ang paggunita sa ika-49 na taon ng batas militar ni Marcos.

Ayon naman sa Center for Trade Union and Human Rights, ang pagdadawit sa mga unyon at manggagawa, laluna sa NutriAsia, ay isang tangkang siraan ang mga unyon, takutin ang mga manggagawa para hindi sila mag-organisa at ikundisyon ang publiko na ang mga ito ay target ng programang "kontra-insurhensya."

Inilunsad ang mga kilos protesta sa iba't ibang bahagi ng bansa. Sa Cagayan de Oro City, nagtipon sa kapitolyo noong Oktubre 2 ang organisasyong Lumad na Kalumbay, kasama ang Karapatan at Movement Against Tyranny upang batuhin ng pulang *floor wax* ang isang *effigy* ni Duterte. Sa araw ding iyon, pinangunahan ng Bayan ang piket sa harap ng himpilan ng AFP sa Camp Aguinaldo sa Quezon City upang kundenahin ang pakana ng militar.

Pinangunahan naman ng Anakbayan ang "Black Friday Protest" nitong Oktubre 5 sa UST, PUP-Sta. Mesa, UP Diliman, at De La Salle University-Manila. Kinundena ng mga estudyante, kabilang ang mga administrasyon ng mga unibersidad, ang kasinungalingang muling pinaulan ng AFP na nagpangalan sa mga unibersidad na umano'y ginagawang balon ng PKP upang magrekluta at manghikayat na sumali sa "Red October." AB

# Mga manggagawa sa NAMASUFA, nagwelga

Paralisado ang operasyon ng pito sa 11 *packing plant* ng Sumitomo Fruit Corp. (Sumifru) sa Compostela Valley matapos ilunsad ang welga ng may 900 kasapi ng Nagkahiusang Mamumuo sa Suyapa Farm (NAMASUFA) nitong Oktubre 1. Ang Sumifru ay isang kumpanyang Japanese na nagluluwas ng saging.

Iginigiit ng mga manggagawa na kilalanin ng Sumifru ang kanilang unyon at makipagnegosasyon para sa isang *collective bargaining agreement* (CBA). Dito, nakatakdang ihapag ng mga manggagawa ang kahilingang regularisasyon at benepisyo. Labindalawang taon nang ikinakampanya ng NAMASUFA na magkaroon ng CBA, ngunit ayaw silang kilalanin ng maneydsment ng Sumifru dahil mga kontraktwal lamang umano sila.

Gayunman, iginigiit ng NAMASUFA na saklaw sila ng desisyong inilabas ng Korte Suprema noong 2017 na nagsasabing may ugnayang "employer-employee" sa pagitan ng Sumifru at mga kasapi ng unyon. Sa katunayan, ginawaran na ng sertipikasyon ng Department of Labor and Employment (DOLE) ang unyon bilang tanging kinatawan sa pakikipagnegosasyon ng mga manggagawa ng Sumifru.

Nakaranas naman ng panggigipit ang mga kasapi ng unyon buhat nang ikasa ang welga. Isa sa mga biktima si Mildred Maglahus. Pinasok ng may 15 hindi nakilalang lalaki ang kanyang bahay at hinahanap si Elizar Diayon, bise-presidente ng NAMASUFA. Nang hindi ma-




tagpuan ng mga lalaki si Diayon, umalis sila at nagnakaw pa ng mga suplay ng pagkain sa kalapit na himpilan ng protesta.

Isa pang lider ng unyon, si Alma Abraham, ang nag-ulat na apat na lalaking nagpakilala bilang mga tauhan ni Duterte ang pumunta sa kanyang bahay sa Barangay Pilar Babag sa bayan ng Monkayo noong Oktubre 2. Binantaan ng mga lalaki ang kanyang anak at sinabihang ipatigil ni Abraham ang welga. Pangatlong beses nang pinuntahan ng hindi kilalang mga lalaki ang bahay ni Abraham at pinaratangan siyang kasapi ng BHB.

Nito ring nagdaang mga araw, ilang ulit pinwersa ng mga eskirol na may kasamang militar ang piketlayn sa Packing Plant 115 ng Sumifru upang mapadaan ang mga *van* na may lulang saging.

**SMT.** Sa Real, Calamba, nakaamba namang ikasa ang welga ng mga manggagawa ng SMT-Philippines, isang pagawaan ng mga *semiconductor*, matapos dali-daling isara ang pabrika noong Oktubre 1. Nasa gitna ng mga negosasyon para sa CBA ang mga manggagawa at maneydsment nang ipasara ang pabrika. Matapos nito, nagpiket ang mga manggagawa upang pigilan ang paglalabas ng mga makina mula sa pagawaan.

Ayon kay Sylvia Lescana, pangulo ng SMT Workers Union, nagsara lamang ang pabrika hindi dahil nalugi ito kundi upang maiwasan ang negosasyon sa unyon. Naniniwala ang mga manggagawa na magbubukas itong muli sa ilalim ng ibang pangalan.

May isang linggo nang nakapiket ang mga manggagawa sa harap ng pabrika, at makailang ulit na ring hinarangan ng pulisya at mga gwardya ng Light Industry and Science Park 2 ang dumarating na pagkain at gamit mula sa ibang mga manggagawa at kanilang mga tagasuporta.

**Tagumpay ng mga manggagawa**

Samantala, naging matagumpay ang mga pagkilos ng mga manggagawa ng Nexperia Inc. at ng Clarmil para sa regularisasyon ng mga manggagawang kontraktwal

Naipagwagi ng Nexperia Inc. Workers' Union sa Cabuyao, Laguna ang regularisasyon ng 801 manggagawang kontraktwal mula sa AMI, Bolinao at Manchester Agency. Susi sa tagumpay na ito ang sama-sama at pursigidong pagkilos ng mga manggagawa laban sa Nexperia Inc.

Tagumpay din ng mga kasapi ng unyon at asosasyon ng kontraktwal na mga manggagawa sa Clarmil, na gumagawa ng mga keyk at tinapay ng Goldilocks, ang pagpapalabas ng Writ of Execution ng DOLE para sa regularisasyon ng 274 manggagawa ng Clarmil sa Laguna.

Mahigpit na sinuportahan ng unyon ang laban ng mga manggagawang kontraktwal sa pamamagitan ng pagsama sa adyenda nila sa CBA nito sa kumpanya.

Kaugnay nito, binati ng Liga ng mga Manggagawang Kontraktwal sa Timog Katagalugan ang mga manggagawa ng Nexperia at Clarmil sa nakamit nilang mga tagumpay dahil sa pagkakaisa at sama-samang pagkilos. Magsisilbing inspirasyon ito sa iba pang manggagawang lumalaban para sa kanilang mga batayang karapatan at kagalingan, anang liga.

**Maramihang pagliban**

Hindi pumasok sa kanilang mga klase ang 3,000 mga guro noong Oktubre 5, Pandaigdigang Araw ng Mga Guro, para igiit na itaas ang kanilang sahod sa harap ng nagtataasang presyo ng mga bilihin. Panawagan din nilang itaas sa P30,000 ang sweldo ng Teacher 1; P31,000 para sa Instructor 1; P16,000 para sa Salary Grade 1; at magkaroon ng P5,000 Personnel Economic Relief Allowance. Pinangunahan ng Alliance of Concerned Teachers ang naturang "mass leave."

Isang araw bago nito, nagmartsa ang may 11,000 guro ng Maynila sa Rizal Memorial Sports Complex para manawagan ng dagdag sweldo at makataong kalagayan sa trabaho. Partikular nilang panawagan ang pagtanggal sa mga trabahong di-akademiko na ipinapataw sa mga guro dahil sa kawalan ng empleyado para sa mga gawaing ito.

**Bungkalan sa tubuhan**

Sa Negros Occidental, nagsimula nang magbungkalan ang may 200 magsasaka sa aabot sa sampung ektaryang lupang tiwangwang na nasa La Granja, La Carlota City. Ang lupang binungkal ay bahagi ng 288 ektaryang lupain ng UP Los Baños College of Agriculture Research and Training Station na matagal nang tiwangwang.

**'Zero Eviction Day'**

Binansagang "Zero Eviction Day" ng Kalipunan ng Damayang Mahihirap (Kadamay) ang protestang inilunsad nila noong Oktubre 1 kaugnay ng paggunita sa International Habitat Month.

Bitbit ang panawagang itigil na ang pagpapalayas sa mahihirap sa kanilang mga komunidad, naglunsad ng mga protesta sa Bacolod, Isabela, Bulacan, at Rizal. Nagkasa rin ang mga maralitang lunsod ng mga piket sa ibang bansa, kabilang ang Taiwan, Italy, Malaysia, at Korea. AB

# Hindi natitighaw ang sigaw para sa tunay na reporma sa lupa

Matapos ang apat na dekadang pagpapatupad ng magkakasunod na rehimen ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) at CARP Extension with Reforms (CARPER), nananatili ang problema sa kawalan ng lupa ng milyun-milyong magbubungkal. Ngayong buwan ng Oktubre, buwan ng magsasaka, muling dadagundong ang sigaw para ibasura ang CARP at isulong ang pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa.

Sa kanayunan, malaon nang napunit ang ilusyon ng CARP. Sa iba't ibang anyo, determinadong isinusulong ang pakikibaka para sa lupa. Sa mga lugar na sakop ng rebolusyonaryong kapangyarihan, naipatutupad ang tunay na reporma sa lupa sa iba't ibang antas at pinakikinabangan ng milyon-milyong magsasaka.

**Huwad na programa sa reporma sa lupa**

Mula 1988 hanggang 2015, ipinatupad ng magkakasunod na rehimen ang CARP at CARPER para palitawin na tinutugunan ng reaksyunaryong estado ang panawagan ng masang magsasaka para sa reporma sa lupa.

Subalit sa taya mismo ng Department of Agrarian Reform noong 2016, sa kabuuang 14.1 milyong ektaryang lupang agrikultural na saklaw ng CARP, kabilang ang 9.9M ektaryang lupang sakahan, 4.7 milyong ektarya lamang ang "naigawad" sa mahigit 2.7 milyong magsasakang benepisyaryo. Mahigit limang milyong ektaryang sakahan ang nananatili sa kamay ng mga panginoong maylupa.

Sa likod ng retorika nito, ang CARP at CARPER ay pawang mga engrandeng programa lamang sa *real estate*. Hindi ang masang magsasaka, bagkus malalaking panginoong maylupa, ang nakinabang sa programa. Tumanggap sila ng malalaking kompensasyon o kabayaran gamit ang bilyun-bilyong pisong pondong pampubliko. Nananatiling nasa kamay ng iilan ang malalaking asyenda tulad ng Hacienda Luisita sa pamamagitan ng "ibang anyo ng paglilipat ng pag-aari ng lupa" tulad ng tinaguriang "stock distribution option."

Natapos na lamang ang CARP at CARPER, walang lupa ang malaking mayorya ng masang magsasaka. Masahol pa, noong Setyembre 2015, natuklasan sa mga rekord ng Land Bank of the Philippines na halos 75% ng mga magsasakang "benepisyaryo" ng CARP ay hindi nakapagbayad ng mahal na amortisasyon. Dahil dito, laganap ang kaso na napipilitan ang mga magsasaka na ibenta o isangla ang kanilang mga sertipikasyon o titulo sa mga panginoong maylupa at mga komersyante-usurero.

Lumaganap din sa ilalim ng CARP ang tinaguriang mga "agribusiness venture agreement" (AVA) kung saan nangibabaw ang pasya ng mga may kapital na plantasyon o mga kasosyo nitong "planter." Sa ilalim ng AVA, walang kontrol ang magsasaka sa kanilang lupa at naoobliga silang pumasok sa tagibang na mga kontrata kaugnay ng itatanim, gagamiting binhi at pestisidyo, presyo ng produkto at iba pa.

Sa ilalim ng CARP, naging mabilis at masaklaw ang pagpapalit-gamit sa mga lupang agrikultural. Nagresulta ito sa pagpapalayas ng mga magsasaka sa kanilang lupang sinasaka. Sa kasalukuyan, iniraratsada ng rehimeng US-Duterte ang pagsasabatas sa isang pambansang patakaran para sa pagpapalit-gamit ng lupa bilang pabor sa mga panginoong maylupa at malalaking negosyante.

**Upa sa lupa, usura at iba pang anyo ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala**

Milyun-milyong magsasaka ang dumaranas ng iba't ibang porma ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala, pangunahin sa anyo ng pagkaltas ng mataas na upa sa lupa. May tinatawag na "tersyuhan" (70-30) kung saan obligadong magbayad ang magsasaka sa panginoong maylupa ng upa na 70% ng kanyang kabuuang kita. Laganap din ang 50-50 at may mga kaso pang hanggang 90-10 ang hatian, pabor sa panginoong maylupa.

Mayroon ding mga kasong "tersyong-baligtad" kung saan ang upa sa lupa ay 30% ng kita.

Sa mga palayan sa Kalinga, umaabot sa P24,630 mula sa kabuuang kitang P73,893 kada ektarya ng palay, ang ibinabayad ng magsasaka sa panginoong maylupa. Samakatwid, ang panginoong may lupa na walang ambag na lakas paggawa o kapital sa produksyon ay kumikita nang P205.25/araw sa bawat ektaryang lupang kanyang pag-aari.

Samantala, matapos awasin ang P44,754 na gastos sa pagbili ng mamahaling mga sangkap at pagbayad ng upa sa mga kagamitan at iba pang serbisyo, lalabas na netong kita ng magsasaka sa Kalinga ay nasa P4,508 kada ektarya bawat anihan o P37.50 kada araw. *(Basahin sa* Ang Bayan*, Setyembre 21, 2018).*

Ang ganitong kaliit na kita ang nagtutulak sa mga magsasaka na isangla ang kanilang lupa o mangutang mula sa mga panginoong maylupa at komersyante, kadalasan sa labis na mataas na interes. Sa Negros at iba pang lugar, tinatawag na "aryendo" ang sistemang pagsasanla ng mga magsasaka sa kanilang maliliit na parselang lupa nila sa mga asendero o komersyante-usurero. Kapag hindi makapagbayad ng utang, napipilitan ang mga maliliit na magsasaka na ibenta ang kanilang isinanlang lupa.

Laganap din ang labis na mabigat na kundisyon sa pagpapautang. Sa Bukidnon, sinisingil ang mga

magsasaka nang 100% interes para sa inutang na binhi ng mais at 46% para sa abono kada anihan. Sa Eastern Visayas, sinisingil ang mga magsasaka nang hanggang 100% interes sa ilalim ng iskemang "palay-bayad-binhi" kung saan nagbabayad ang mga magsasaka ng dalawang sako ng palay kapalit ng bawat sako ng binhing inutang.

**Malaking gastos, mababang kita**

Napakalaki ng gastos sa produksyon ng mga magsasaka. Biktima sila ng mataas na presyo ng mga sangkap sa pagsasaka kabilang ang binhi, abono, pestisidyo at erbisidyo (pamatay ng damo). Ang mga ito ay karaniwang sinusuplay ng malalaking korporasyon sa agribisnes tulad ng Monsanto, Cargill at iba pa. Ang presyo ng urea (P1,041/sako), na karaniwang abono na ginagamit ng mga lokal na magsasaka, ay pinakamahal sa Pilipinas kumpara sa ibang mga bansa.

Walang ibinibigay na subsidyo ang reaksyunaryong estado sa lokal na produksyong agrikultural. Kumpara sa ibang bansa, nasa hulihan ang Pilipinas at nag-iisang bansa na walang komprehensibong patakaran sa subsidyo para sa lokal na produksyong agrikultural. Wala ring programa para sa pagmamanupaktura ng mga makinaryang pang-agrikultura. Sa Vietnam, kung saan mas mababa nang 40% ang gastos sa produksyon, malaki ang ibinibigay na subsidyo ng gubyerno sa irigasyon, abono at pagbebenta.

Madalas na binabarat ng mga komersyante, at maging ng National Food Authority (NFA) ang mga magsasaka sa pagbili ng kanilang mga produkto. Umaabot lamang sa P21-24/kilo ang pagbili sa palay. Ang todong liberalisasyon sa importasyon ng mga produktong agrikultural mula dekada 1990 ay nagbunga sa pagbaha sa lokal na pamilihan ng bigas, sibuyas, bawang, karne at iba pang produkto mula sa ibang bansa na nagreresulta sa pagkalugi ng mga lokal na prodyuser na malaki ang gastos. Tiyak na higit pang bubulusok ang lokal na produksyong agrikultural matapos ilabas ni Duterte ang Administrative Order No. 13 noong Setyembre 21 na tuluyang nag-aalis ng restriksyon sa pag-aangkat ng mga produktong agrikultural.



Labis na pagkalugi at pagkabaon sa utang ang karaniwang dinaranas ng mga magsasaka kapag sinasalanta ng bagyo o kahit kung may dumanas ng malubhang sakit o aksidente sa pamilya.

**Pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa**

Sa buong bansa, hindi natitighaw ang sigaw at pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa—ang libreng pamamahagi ng lupa sa mga nagbubungkal nito. Ito ay sigaw para sa katarungang panlipunan, para wakasan ang pang-aapi at pagsasamantalang pyudal sa masang magsasaka. Ito ang lulutas sa pangunahing mga problema ng masang magsasaka na bumubuo ng mayorya ng mamamayan.

Ang laganap na kahirapan at gutom sa kanayunan ang nagtutulak sa daan-daan libong magsasaka na kumilos para ibaba ang upa sa lupa, pawiin ang usura, ibaba ang presyo ng mga kagamitan sa produksyon, subsidyo ng estado sa lokal na produksyong agrikultural, makatwirang presyo para sa kanilang produkto at iba pang kagyat na kahilingan. Ipinaglalaban din nila ang karapatang magbungkal ng lupang tiwangwang para sa produksyong pampagkain at pambenta.

Buong-siglang isinusulong ng rebolusyonaryong kilusan ang mga hangarin ng masang magsasaka para sa tunay na reporma sa lupa. Malawakang ipinatutupad ang minimum na programa na binubuo ng pagpapababa ng upa sa lupa, paglaban at pagpawi sa usura, pagpapababa ng interes sa utang na mga sangkap at upa sa kagamitan, pagpapataas ng produksyon at presyo ng produkto ng mga magsasaka, pagtatatag ng mga kooperatiba, pagtutulungan at iba pa.

Ang maksimum na programa ay naipatutupad kung saan malakas ang BHB at kayang ipatupad, pangasiwaan at ipagtanggol ang libreng pamamahagi ng lupa sa mga nagbubungkal.

Sa Samar, lihim na naibaba nang 30% ang upa sa lupa noong 1978 at nang 50% nang nilunsad ang mga hayag na pakikibaka noong 1985. Higit pang naibaba ang upa sa lupa tungong 10% sa kasalukuyan. Sa mga niyugan, naibaba ang upa sa lupa mula 50-50 tungo sa hatiang umaabot sa 60-40 hanggang 66-33, pabor sa magsasaka.


Sa Echague, Isabela, naibaba ang interes sa utang na palay mula 35% tungong 25% kada anihan. Sa Baggao at Gattaran, Cagayan, nakinabang ang mga magsasaka sa pagpapataas sa presyo ng kanilang produktong mai at pagpapababa ng interes sa pautang mula 5-10% tungong 3% kada buwan.

Milyun-milyong masang magsasaka na ang kasalukuyang nakikinabang sa mga tagumpay sa rebolusyong agraryo, at puu-puong libong ektaryang lupa na ang naipamahagi sa mga pamilyang benepisyaryo sa loob ng ilang dekada ng rebolusyonaryong pakikibaka.

Ang mga tagumpay sa mga pakikibakang antipyudal at para sa kapakinabangang pang-ekonomya ng masang magsasaka ang nageengganyo sa masang magsasaka na malawakang lumahok sa armadong pakikibaka para kamtin ang rebolusyonaryong pagbabago sa buong bansa. AB

# Ang pagpapanday ng Partido sa Hapmun

*Bilang paggunita sa nalalapit na ika-50 anibersaryo ng Partido, inilalabas ng* Ang Bayan (AB) *ang artikulong ito sa bahagi ng serye tungkol sa mga tampok na karanasan sa pagbubuo ng mga sangay ng Partido sa iba't ibang larangan ng rebolusyonaryong gawain. Nananawagan ang patnugutan ng* AB *sa lahat na mag-ambag sa seryeng ito sa pamamagitan ng pagsumite ng inyong tampok na mga kwento.*




"Ang aming rebolusyonaryong unyon, higit sa lahat, ay ang aming paaralan sa makauring pakikibaka," panimula ni Ka Matos, kaharap ang mga Pulang mandirigma sa isang pulong ng sangay ng Partido sa yunit ng BHB kung saan siya kasalukuyang nakalubog. Planong manatili ni Ka Matos sa yunit nang tatlong buwan para sa kanyang programang integrasyon sa kanayunan.

Siyam na taon nang nagtatrabaho si Ka Matos sa isang kumpanya na kabilang sa pinakamalalaki at pinakamapagsamantalang multinasyunal na kumpanya sa manupaktura. Bago nito, iba't ibang kumpanya ang kanyang pinasukan sa loob ng 11 taon, at gumampan ng samutsaring gawain na nagbigay sa kanya ng kasanayan. Maliban sa tuwirang pagsasamantala ng kapitalista, dagdag na pahirap sa mga manggagawa ang pagpapakatuta ng dilawang unyon sa interes ng kapitalista at naghain ng walang-saysay na mga konsepto ng "kapayapaang industriyal" at ekonomismo. Matapos ang mahigit 10 taon sa ilalim ng dilawang unyon, kasama ni Ka Matos ang ilang nagsawa nang manggagawa sa pag-organisa ng hiwalay na unyon na hindi lamang magsusulong ng kanilang pang-ekonomyang kagalingan kundi maging ng kanilang mga pampulitikang karapatan.

Nang maunawaan ng mga manggagawa ang pangangailangan na kaharapin hindi lamang ang kanilang mga pakikibaka sa loob ng pagawaan dahil ang mga ito ay naka-ugat sa mga batayang problema na kinakaharap ng buong sambayanang Pilipino, nagtatag sila ng isang bagong unyon na nagtataguyod ng pambansa-demokratikong pagbabago ng lipunan at may oryentasyong anti-imperyalista, anti-pyudal at anti-pasista. "Kaiba sa lumang dilawang unyon, hindi limitado ang pakikibaka ng aming unyon sa pawang mga paglaban lamang para sa mga ekonomikong pakinabang gaya ng umento sa sahod. Natutunan namin sa karanasan kung ano ang tunay na kahulugan ng kapitalistang pagsasamantala. Ang lantay ekonomismo ay magdudulot lamang ng higit na bulnerabilidad at kawalan ng kahandaan sa aming hanay para labanan ang mga kontra-manggagawang iskema ng kapitalista at ang mga makanegosyo at kontra-mamamayang patakaran ng reaksyunayong gubyerno," paliwanag ni Ka Matos.

Pinamunuan ni Ka Matos at ilang manggagawa ang bagong unyon. Paglipas ng ilang buwan, narekluta sila bilang mga kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at pormal na itinatag ang "Hapmun," ang sangay ng Partido sa naturang rebolusyonaryong unyon.

**Komprehensibong gawaing IPO**

Ani Ka Matos, isa sa mga pinakamahirap ngunit isa rin sa mga pinakamabungang gawain sa pag-oorganisa ng sangay ng Partido sa isang rebolusyonaryong unyon ang pagpapaunlad sa ideolohiya ng mga manggagawa. "Dati, nagtitipon kami pagkatapos ng trabaho para mag-inuman at magkwentuhan para maiwasang isipin ang kalunos-lunos na kalagayan namin sa pabrika. Pero ngayon, madalas na kaming magtipon para magtalakayan tungkol sa gawaing unyon at mga pulitikal na isyu, at para pag-aralan o di kaya ay lutasin ang kinakaharap na mga problema ng unyon." Ang mga kasapi ng unyon ay nagsusumikap na maging siyentipiko at obhetibo sa pagtugon sa mga isyu ng mga manggagawa sa pamamagitan ng tuluy-tuloy na pag-aaral ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at paglalapat nito sa kongkretong mga kundisyon, dagdag pa niya.

Naglalaan ng iskedyul ang Hapmun para sa mga gawain pang-ideolohiya gaya ng panlipunang pagsisiyasat at pagpuna at pagpuna-sa-sarili (PPS). "Nanibago kami sa PPS. Pero nang makita namin kung paano nito pinatitibay ang prinsipyadong pagkakaisa sa loob ng unyon at ng Hapmun, naunawaan namin ang kahalagan ng nasabing proseso. Mula noon ay naging regular na ang iskedyul para sa PPS na inilulunsad nang hindi bababa sa tatlong beses kada buwan." Ipinaliwanag ni Ka Matos na ang panlipunang pagsisiyasat na isinasagawa nila ay binubuo ng mga pana-

naliksik tungkol sa pulitika-ekonomya ng kumpanya at ng iba pang kanugnog na kumpanya. "Ang huli ay naaayon sa mga programang pagpapalawak na naglalayong magtatag ng mas marami pang mga rebolusyonaryong unyon sa iba pang mga pagawaan at kumpanya."

Ayon pa kay Ka Matos, pinanghahawakan ng mga manggagawa ang isang bagong progresibong kultura, kahit sa loob ng kanilang mga pamilya. "Iba na ang pagtingin namin sa aming relasyon sa asawa at pamilya dahil itinuturing na namin sila ngayon bilang mga katuwang sa pakikibaka. May mga pagkakataon pa nga na sinasama ng mga manggagawa ang kanilang pamilya sa mga pampulitikang pag-aaral." Tumutulong din ang Hapmun sa paglutas ng mga isyu sa pamilya at minomobilisa ang rebolusyonaryong unyon sa mga oras ng pangangailangan.

Ibinahagi ni Ka Matos na kasalukuyan nilang binabaka ang empirisismo sa kanilang mga gawain. "Minsan, talagang kinakailangan ng mahabang paliwanagan para makumbinsi ang mga manggagawa na maglaan ng oras para sa pag-aaral, lalo na ang mga pormal na pag-aaral na inilulunsad nang ilang araw tulad ng Batayang Kurso ng Partido. Mayroon kaming sinusubukan na bagong programa para matugunan ito, at umaasa kami na magkakamit ng higit pang tagumpay sa pagpapaunlad sa paggagap ng aming mga manggagawa sa teoryang Marxista."

Sa mahigit isandaang kasapi ng unyon, halos kalahati ang organisadong masa na tanggap ang programa ng pambansa demokratikong rebolusyon. Ang Hapmun ay binubuo ng kalahati ng kabuuang bilang ng organisadong masa. "Kinakailangan talagang bakahin ang konserbatismo sa paggampan ng aming mga gawaing pampulitika," dagdag pa ni Ka Matos. "Dati, may ilang kasapi ng Partido na naatasang gumampan ng mga susing tungkulin sa pag-oorganisa na nakuntento na sa "lumang estilo" ng paggampan—hindi maagap sa pagpapataas ng pampulitikang kamulatan ng mga manggagawa at pagrekluta sa kanila sa Hapmun." Nang matukoy ang nasabing problema, tumindig ang mga responsableng kadre para magpanibagong-hubog at naging mas mapangahas sa paggampan sa kanilang mga gawain.

Naunawaan din ng mga unyonista ang kahalagahan ng pagbaka sa sektarismo. Ngayon, lumalahok na ang mga manggagawa at ikinakawing ang kanilang mga laban sa mga pakikibaka ng iba pang mga sektor. Ang ilan sa kanila ay lumahok din sa mga pagkilos ng mga magsasaka at pambansang minorya bilang suporta sa kanilang panawagan para sa reporma sa lupa at karapatan sa sariling pagpapasya.

Matindi ang naging epekto ng masugid na pagpapatupad ng mga neoliberal na patakaran sa paggawa ng rehimeng US-Duterte sa gawaing pampulitika ng rebolusyunaryong unyon. Sa higit dalawang milyong manggagawa sa rehiyon kung nasaan ang Hapmun, mababa pa sa 4% ang may unyon. Sa mga may unyon, mababa pa sa 13% lamang ang may mga kasunduan sa kolektibong pakikipagtawaran.

"Patuloy na kinakasangkapan ang kontraktwalisasyon para ipagkait sa mga manggagawa ang kanilang karapatan sa unyon, higit lalo ang karapatan nila na kolektibong makipagtawaran sa mga kapitalista," ani Ka Matos. "Mababa pa sa P400 ang arawang sahod namin. Wala pa ito sa kalahati ng kinakailangang P979 ng isang pamilya para mabuhay ng disente sa isang araw. Dagdag pang pasanin dito ang hindi makataong kalagayan at iba pang porma ng pagsasamantala sa loob ng pagawaan."

Naniniwala si Ka Matos at ang kanyang mga kasamahan na ang kalagayang ito ang nagtulak sa rebolusyonaryong unyon para maglunsad ng isang kilusang welga. "Hindi kailanman kusang isusuko ng mga kapitalista ang kanilang ekonomikong interes, kaya kinakailangang maging maagap ang mga manggagawa sa paglulunsad ng iba't ibang porma ng kolektibong pagkilos—mula sa *slowdown* kung saan sadyang pinababagal ang produksyon, tungong welga kung saan tuluyang tinitigil ito."

Naglunsad kamakailan ang Hapmun ng welga para igiit ang regularisasyon ng mga kontraktwal at ibalik ang mga kasamahan nilang tinanggal sa trabaho. Naglunsad ng mga ligal at ekstra-ligal na pagkilos ang mga manggagawa para lalupang igiit ang kanilang panawagan.

Sinanay ng Hapmun ang mga manggagawa sa kolektibong paggampan at pagsandig sa lakas ng kanilang organisasyon. Inilahad ni Ka Matos na mula nang itatag ang rebolusyonaryong unyon, laging tinitiyak na napanghahawakan ang demokrasya sa lahat ng aspeto ng kanilang gawain. "Habang sinisiguro na nagagampanan ang lahat ng mga gawain, laging tinitiyak na nakokonsulta ang pangkalahatang kasapian."

Napansin din ni Ka Matos ang pag-unlad sa disiplina ng mga manggagawa. Hindi pinahihintulutan ng rebolusyonaryong unyon, aniya, ang gawaing anti-sosyal dahil isasaalang-alang nito ang integridad ng unyon. Noong una, may mga kinaharap ang unyon na mga problema kaugnay nito dahil may mga manggagawa na natutulak gumawa ng mali dahil sa hirap nilang kalagayan. Sa mga ganoong pagkakataon at nang hindi masusing pinag-aaralan ang kaso, madalas ay pumapanig sa kapitalista ang dilawang unyon laban sa mga nagkakamaling manggagawa.

"Ikinikintal ng mga rebolusyonaryong prinsipyo ng unyon at ng regular na PPS at pagtatasa sa mga kasapi ang mulat na disiplina."

Sa kabila nito, patuloy na binabaka ng Hapmun ang burukratismo, na madalas na nagreresulta sa bigong paggampan ng ilang kasama sa kanilang mga gawain. "Hindi lahat ay mabilis maiintindihan kung paano

*"Pagpapanday...," sundan sa pahina 10*

# Maikling rebyu ng mga susing dokumento sa UDKP

"Kung walang rebolusyonaryong teorya, walang rebolusyonaryong kilusan," wika ni Lenin.

Makailang beses na pinatunayang wasto ang mahalagang turong ito ng dakilang Lenin sa mga kilusang pagwawasto sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) tulad ng Una at Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto at iba pang pagwawasto sa nakaraang 50 taon. Partikular sa artikulong ito, pagtutuunan natin ng pansin ang Unang Dakilang Kilusang Pagwawasto (UDKP) na pormal na sinimulan noong 1967 at nagtapos noong 1977.

Bago ang muling pagtatag ng Partido noong 1968 aktibong naglunsad ang mga batang proletaryong rebolusyonaryo ng kilusang pagwawasto. Nangangahulugan ito ng isang malawakang kilusan ng edukasyong Marxismo sa pamamagitan ng pagpuna at pagpuna-sa-sarili. Tungo rito, masigla silang naglunsad ng mga "discussion group" at "teach-in" sa mga unibersidad at kolehiyo, pabrika at komunidad ng mga manggagawa at magsasaka.

Binasa at pinag-aralan nila ang mga akda nina Marx, Engels, Lenin, Stalin at Mao, kabilang ang *Communist Manifesto; Das Kapital; Wages, Prices and Profit; Anti-Dühring; Critique of the Gotha Program; Civil War in France; What Is to Be Done; Materialism and Empirio-Criticism; State and Revolution; Two Tactics of Social Democracy; "Left Wing" Communism: An Infantile Disorder; Imperialism: The Highest Stage of Capitalism; Foundations of Leninism; Short History of the CPSU (Communist Party of the Soviet Union); Selected Works of Mao Zedong; the Polemics on the General Line of the International Communist Movement.*

Ginamit nila ang teorya ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong bilang gabay sa rebolusyonaryong gawain. Itinuturing

*"Maikling...," sundan sa pahina 11*

---

*"Pagpapanday...," mula sa pahina 9*

ang tamang paggampan sa mga partikular na gawain. Kinakailangang matiyagang ipaliwanag ang mga praktikal na detalye, lalo na sa bagong mga kasapi, at kinakailangang lagi silang gabayan, dahil kung hindi ay wala tayong ipinagkaiba sa mga burukrata na utos lang nang utos nang hindi isinasaalang-alang ang kapasidad ng mga manggagawa."

Ang suma ng gawain ng Hapmun sa ideolohiya, pulitika at organisasyon ang dahilan kung bakit itinuturing ni Ka Matos at ng kanyang mga kapwa manggagawa ang rebolusyonaryong unyon bilang kanilang paaralan sa makauring pakikibaka. "Araw-araw naming kinakaharap ang mapait na katotohanan na ang mga kapitalista ay naglulunsad ng isang digma laban sa aming mga manggagawa, at para manatiling buhay ay kinakailangan naming kolektibong lumaban bilang isang uring nagtataglay sa pinakaabanteng proletaryong teorya. Ang pinakamahalagang tungkulin namin ay isapraktika ang teoryang ito sa paglulunsad ng aming pakikibaka."

**Mga hamon**

Nang tanungin ng isang Pulang mandirigma kung ano ang mga pangunahing hamon na kinakaharap ng rebolusyonaryong unyon at ng Hapmun, dalawa ang mabilis na tinukoy ni Ka Matos: ang paglaban sa neoliberal na mga patakaran ng rehimeng US-Duterte at sa tumitinding pasismo nito.

"Nagmamatigas si Duterte na manatili sa kapangyarihan kaya patuloy niyang pinagbibigyan ang mga kahilingan ng mga naghaharing uri at ng militar. May mga kasapi kami na nagpahayag ng takot dahil sa *crackdown* laban sa mga militanteng unyonista. Sa kabila ng kalupitan ng mga hakbang ng rehimen, maaari pa ring gamitin ang mga hamon na ito sa pakinabang ng mga mamamayan. Bagamat maaaring magdulot ng takot ang imperyalistang kasakiman at pasismo, hindi maitatanggi na magpapatuloy ang paglaban ng mga mamamayan. Ang pakikibakang ito ay pinangungunahan ng PKP, na bagamat nagsimula nang maliit at kalat-kalat, ay higit pang lalapad hanggang sa pagrurok nito sa pagpapatalsik hindi lang sa pasista at papet na rehimen kung hindi pati na rin sa buong reaksyunaryong sistema."

Samantala, umaangkop pa ang Hapmun sa kasalukuyang kalagayan sa pamamagitan ng pagsubok sa bagong mga pamamaraan ng pag-oorganisa at pagsasagawa ng gawaing konsolidasyon. Isang epektibong paraan ng konsolidasyon ng kasapian ay sa pamamagitan ng pagpoprograma ng integrasyon. ng mga manggagawa sa mga yunit ng BHB. Sa nakaraang taon, may anim na manggagawa na ang nag-integrasyon sa Pulang hukbo. Sa pamamagitan nito, ani Ka Matos, aktwal na nararanasan ng mga manggagawa ang araw-araw na pamumuhay sa isang baseng gerilya sa kanayunan. "Higit sa lahat, kami ay umaasa na mayroong magpasya sa amin na manatili sa armadong rebolusyon," pagwawakas niya. AB

"Maikling...," mula sa pahina 10

ng mga batang proletaryong rebolusyonaryo na ang Kaisipang Mao Zedong ay bunga ng mahabang rebolusyonaryong karanasan ng proletaryado ng daigdig sa gabay ng Marxismo-Leninismo, at bilang pinakabago, pinakakumprehensibo, pinakamalalim at pinakaepektibong instrumento sa pagsusuri sa kasaysayan at kalagayan ng sambayanang Pilipino at sa paglalatag ng mga tungkulin upang tuparin ang demokratikong rebolusyon ng bayan para sa paghahanda sa sosyalistang rebolusyon.

Sa tulong ng mga turo ni Mao hinggil sa pagbubuo ng Partido, ng hukbong bayan at nagkakaisang prente, nilagom at sinuri nila sa pangunguna ni Jose Maria Sison ang kasaysayan ng lumang Partido Komunista. Pinuna ang depektibong pundasyong pang-ideolohiya ng pinagsanib na mga partidong komunista at sosyalista at pangunahin, ang burges na suhetibismo at mga mayor na Kanan at "Kaliwang" oportunistang kamalian ng magkakasunod na magkakapatid na Lava (Vicente, Jose at Jesus) na naging mga pangkalahatang kalihim ng Partido.

Nagpasya silang humiwalay sa lumang partido at inilunsad ang UDKP noong 1967, at muling pagtatatag ng Partido Komunista noong Disyembre 26, 1968. Inilabas at ipinagtibay sa Kongreso ng Pagkatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas-Kaisipang Mao Zedong ang batayang mga dokumento ng kilusang pagwawasto, ang *Iwasto ang mga Pagkakamali at Muling Itatag ang Partido.*

Layunin ng kilusang pagwawasto kapwa para punahin at itakwil ang mga kamalian ng mga rebisyunistang Lavang taksil at ipinahayag ang kagyat na pangangailangan ng paglulunsad ng digmang bayan ayon sa pangkalahatang linya ng demokratikong rebolusyong bayan laban sa imperyalismong US at mga lokal na mapagsamantalang uri ng malalaking kumprador at panginoong maylupa. Binuo ang tatlong dakilang sandata ng rebolusyon—ang Partido bilang sulong na destakamento ng proletaryado, ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka batay sa alyansang manggagawa at magsasaka, at ang nagkakaisang prente ng mga patriyotiko at progresibong pwersa.

Noong 1970 inilimbag ang Lipunan at Rebolusyong Pilipino (LRP), na unang inilimbag sa anyong mimyograp noong 1969. Bilang isang pangunahing dokumento ng pagkatatag, inilalahad dito ni Guerrero, Tagapangulong Tagapagtatag ng PKP, ang kasaysayan ng mamamayang Pilipino, pagsusuri ng malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunan sa Pilipinas at nilinaw ang demokratikong rebolusyon ng bayan, kabilang ang namumunong pwersa, ang pangunahing pwersa, at iba pang motibong pwersa, at ang mga tungkulin at sosyalistang perspektiba.

Pinuna at itinakwil ang rebisyunistang linya ng grupong Lava at ng Communist Party of Soviet Union. Sa librong *Pangkalahatang Sagot (Pangkalahatang Sagot sa Propagandang Lavaista para sa Rebisyonismo at Pasismo*, 1971, at *Pomeroy's Portrait: Revisionist Renegade*, 1972) tinutukan ang rebisyunismo ng grupong Lava at ang masugid nitong ahente na si William Pomeroy.

Noong Abril 1972, inilabas bilang isang manwal ang *Gabay Pang-organisasyon at Balangkas ng mga Ulat at Gabay para sa Pagbubuo ng Demokratikong*

"Maikling..., sundan sa pahina 12



# 5 sibilyan, pinaslang ng rehimen

Humahaba ang madugong rekord ng rehimeng Duterte sa walang-tigil na pagpaslang sa mga sibilyang biktima ng kahirapan sa ilalim ng kanyang pamumuno. Nitong nagdaang dalawang linggo, limang sibilyan ang naiulat na pinaslang ng mga armadong tauhan ng estado.

Noong Oktubre 6 ng umaga sa Negros Oriental, pinatay sa pamamaril ng armadong mga pwersa ng estado si Jaime delos Santos, 62, sa harap ng isang panaderya sa Guihulngan City. Si delos Santos ang tagapangulo ng Pamalakaya sa lugar. Nang araw ding iyon, pinatay sa pamamaril si Daniel Tejamo sa bayan ng Libertad. Si Tejamo ay lider ng Bugsay Mangingisda sa kanilang bayan.

Sa Maguindanao, patay ang 43-taong gulang na si Mariam Acob, boluntir ng Kawagib Moro Human Rights, matapos pagbabarilin ng hinihinalang mga elemento ng militar noong Setyembre 23, dakong alas-3 ng hapon sa Mamasapano.

Pauwi si Acob sakay ng kanyang motorsiklo nang pagbabarilin ng dalawang lalaking magka-angkas sa isa pang motorsiklo. Pitong beses siyang pinaputukan na agad niya ikinamatay.

Ayon sa Kawagib, ilang linggo bago ang pagpatay kay Acob, sunud-sunod ang natanggap niyang pagbabanta. Si Acob ay kilalang tagapagtanggol ng karapatang-tao at kritiko ng militarisasyon sa kanilang prubinsya. Lider din siya ng Tindeg Bangsamoro, isang organisasyon ng mga bakwit sa Maguindanao.

Sa Sorsogon, namatay si Salvador Gracilla, 36 taong gulang na mangingisda, matapos barilin ng mga sundalo ng 31st IB noong gabi ng Setyembre 27 ang kanyang bahay sa Barangay Recto, Bulan kung saan pansamantalang tumuloy ang isang iskwad ng BHB. Nasa loob din ng bahay ng panahong iyon ang asawa ni Gracilla at tatlo nilang anak na pawang mga menor de edad. Sa kabila ng pagpapakilalang sibilyan, pinatay ng mga sundalo si Gracilla sa harap ng kanyang mga anak. Matapos ang insidente, ninakaw ng mga sundalo ang selpon at pera ni Gracilla.

Noon namang Setyembre 26, pinatay din sa pamamaril ng 31st IB si

*"4 sibilyan...," sundan sa pahina 14*

---

*"Maikling..., mula sa pahina 11*

*Pamahalaang Bayan*. Idinagdag sa mga batayang dokumento ng pagwawasto ng Partido ay ang "Pahayag ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)," ang "Batayang Alituntunin at Regulasyon ng BHB," na pinagtibay noong Marso 29, 1969. Nagsilbing gabay ang manwal na ito para sa pagbubuo ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika, ang iba't ibang organisasyong masa, mga yunit ng hukbong bayan at Partido sa loob nito at sa mga lokalidad. Kasunod nito, ipinalaganap din ang *Rebolusyonaryong Gabay para sa Reporma sa Lupa* bilang kumprehensibo at detalyadong gabay sa pangunahing demokratikong kahilingan ng magbubukid para sa lupa.

Pagkaraan ng tatlong taon, nilagom ng bagong tatag na Partido ang kanyang karanasan sa *Summing Up Our Experience After Three Years (1968-1971)*. Kumprehensibong ipinakita sa dokumento ang pag-unlad ng rebolusyonaryong pakikibaka, mahahalagang tagumpay sa pagpangibabaw sa malalaking kahirapan, mga kamalian at kahinaan para sa pagwawasto at pagsulong.

Upang bigyan ng kongkretong hugis ang digmang bayan sa Pilipinas, inilabas noong 1974 ng Komite Sentral ang *Mga Partikular na Katangian ng Ating Digmang Bayan*. Nilinaw nito ang mga sumusunod: ang ating digmang bayan ay isang pambansang demokratikong rebolusyon ng bagong tipo; kinakailangang ilunsad ang digmang bayan sa kanayunan; lumalaban tayo sa isang mabundok na kapuluan; malaki at malakas na kaaway habang tayo ay maliit at mahina; lumitaw ang isang pasistang diktadura sa gitna ng krisis sa pulitika at ekonomya ng naghaharing sistema; pinaghaharian ang bansa ng isang imperyalistang poder at kung gayon, ay may iisang armadong reaksyon; at ang United States ay pabulusok sa Asia at sa buong mundo; ang rebolusyon ay umaabante sa gitna ng pangkalahatang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista.

Bagamat disbentahe sa simula ng paglulunsad ng digmang bayan tulad ng Pilipinas, ito ay magiging paborable sa pangmatagalan. Pinabulaanan nito ang lumang mga ideya na imposible ang paglulunsad ng matagalang digmang bayan sa isang pulu-pulong bansa at maipapanalo lamang ang rebolusyon sa pamamagitan ng isang matagalang ligal na pakikibaka na sinusuportahan ng isang armadong pag-aalsa sa Maynila at kanunog na mga rehiyon.

Batay sa kabang-yamang nati-pon noon at pagkatapos ng plenum ng Disyembre 1975, inilathala ng Komite Sentral ng Partido *Ang Mahigit Nating Mga Tungkulin*. Ito ay hindi lamang para tukuyin ang mga kamalian at mga kahinaan kundi ang karampatang mga solusyon nito. Matagumpay na binigyang gabay ng batayang dokumentong ito ang paglaki ng rebolusyonaryong kilusan ayon sa linyang antipasista, anti-imperyalista at antipyudal mula 1976 pasulong. Bago magtapos ang dekada 1970, pumasok na ang ating digmang bayan sa abanteng subyugto ng estratehikong depensiba. AB

"4 sibilyan...," mula sa pahina 13

Emarlo Gamba, 28, drayber ng traysikel at residente ng Barangay San Julian, Irosin sa parehong prubinsya. Si Gamba ay dating aktibista. Habang nagpapasada ng kanyang traysikel sa hangganan ng mga barangay ng San Pedro at San Julian, sinundan at binaril siya ng dalawang lalaking magkaangkas sa motorsiklo.

Noong Setyembre 24, isang drayber ng traysikel sa Irosin ang tinangka ring patayin. Binaril si Rodolfo Abion ng dalawang hindi nakilalang lalaki. Natamaan siya ng bala sa kanang braso ngunit nagamot din sa Irosin Hospital. Ayon kay Abion, tatlong beses na siyang pinagbintangan ng militar na kasapi ng BHB kahit pa paulit-ulit niya itong itinatanggi.

**Iligal na pag-aresto.** Tatlong lider-Lumad ang iligal na inaresto ng mga elemento ng 36th IB noong Oktubre 5, bandang alas-5, sa Sityo Poog, Maitom, Tandag City, Surigao del Sur. Kinilala ang mga biktima na sina Enecito Catapte, Junie Catapte, at Lito Delicona. Ikinulong ang tatlo sa kampo ng 36th IB sa Tandag City.

Ang tatlo ay mga lider ng SIDLAK (Sustinidong Ipalambo ug Depensahan ang Lumadnong Kahiushan Alang sa Sumusunod nga Kaliwatan), isang organisasyon ng mga Lumad mula sa mga bayan ng Tandag, Cortez, at Lanuza, na mariing tumututol sa pagpasok ng mga kumpanya ng mina at troso sa kanilang lupaing ninuno.

Bago sila arestuhin, naiulat ng tatlong lider na paulit-ulit silang sinasabihan ng mga sundalo na magtungo sa kanilang himpilan. Pinipilit din ng militar ang mga lider SIDLAK na ipasara na ang kanilang paaralan sa komunidad, ang Tribal Filipino Program of Surigao del Sur.

Samantala, naglabas ng mandamyento de aresto ang reaksyunaryong korte batay sa gawa-gawang mga kaso laban sa higit 30 lider at kasapi ng mga progresibong organisasyon sa Misamis Oriental. Dalawa sa kanila ang inaresto noong Oktubre 4. Kinilala ang mga biktima na sina Jerry Basahon, lider ng Misamis Oriental Farmers Association, at Merlita Dorado, koordineytor ng Gabriela sa parehong prubinsya.

Noong Setyembre 21, sinampahan din ng gawa-gawang kaso ng pagpatay sina Wildon Barros, lider ng Kilusang Mayo Uno-Northern Mindanao Region (NMR), at Arthur Colao ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas-NMR.

Iligal ding inaresto ng 24th IB ang limang myembro ng Salakniban Pita Takay (Ipagtanggol ang ating Lupain), isang organisasyong masa sa Sallapadan, Abra nitong Oktubre 6. Dinala ang lima sa kampo ng militar sa Barbarit, Lagangilang.

**Militarisasyon.** Okupado ng mga sundalo ng 50th IB ang mga baryo sa mga bayan ng Balbalan at Pinukpuk sa Kalinga na nagdudulot ng takot sa mga residente, nagresulta sa mga paninira at pagnanakaw ng kanilang mga ari-arian at pagka-antala ng kabuhayan ng taumbaryo.

Nagkampo ang mga sundalo sa gitna ng mga komunidad at sapilitang nagrerekrut para sa CAFGU at Barangay Intelligence Network, at nagpapasurender sa taumbaryo bilang mga kasapi ng BHB.

Sa Samar, simula Setyembre 15 ay hinahalihaw din ng 87th IB ang mga barangay ng Biri, Binanggaran at Daligan sa bayan ng Calbiga. Inirereklamo ng mga residente ang pag-okupa ng mga sundalo sa mga simbahan pati ang *dancing hall*. Nilagyan din ng mga sundalo ng mga numero ang mga bahay, nagsensus at nag-iinteroga sa taumbaryo. Sa isang sayawan, nanutok ng baril ang mga lasing na sundalo sa mga residenteng nagkakasiyahan.

Sa Kalamansig, Sultan Kudarat, sinunog ng mga Marines ang bahay ng magsasakang si Blanko Kansal, at pinagbubunot at hinawan ang kanyang mga pananim para makalapag ang helikopter ng militar. Maliban dito, nilagyan din ng mga sundalo ng dumi ng tao ang mga unan at ikinalat ang kanyang imbak na bigas at asin.

Ang dingding ng bahay ng kanyang kapitbahay na si Salba Kamandan ay pinagtataga naman ng mga sundalo upang gawing panggatong.

Isinagawa ng mga sundalo ang mga paglapastangan na ito matapos silang ambusin ng BHB noong Setyembre 16 at 17 malapit sa lugar.

***Crackdown.*** Sunud-sunod naman ang "red-tagging," panggigipit, at pananakot na ginagawa ng militar sa iba't ibang progresibong grupo at personalidad kaugnay ng pekeng pakanang "Red October."

Sina Joseph Pausal, *national coordinator* ng Kilos Na Manggagawa! at Neditha Jadie, pambansang kalihim ng Kilusang Mayo Uno Campaign Department, ay kapwa tiniktikan at ginipit ng mga ahente ng rehimen. Sa magkahiwalay na insidente, sinundan sila ng mga nagpakilalang sundalo at sinabihang huwag nang mag-organisa ng mga manggagawa.

Maging ang mga taong-simbahan ay hindi ligtas sa mga pananakot at "red-tagging." Noong Setyembre 28, inulat ni Iglesia Filipina Independiente (IFI) Rev. Felix Espra Jr., kura-paroko ng Tigbao, Zamboanga del Sur, na pinintahan ang mga pader ng kanyang kapilya ng "IFI=NPA," “Bishop Ablon=NPA” at iba pa. Si IFI Bishop Antonio Ablon ay kasalukuyang tagapangulo ng Karapatan-Western Mindanao. Ginigipit din ang iba pang relihiyoso na kasapi ng Oblates of Notre Dame na nakabase sa General Santos City. Tumutulong ang naturang organisasyon sa mga Lumad, partikular ang grupong Taboli-Manobo S'daf Claimants Organization. AB


# Presyo ng langis, pinakamataas sa nakaraang 10 taon

Mula nang maupo si Duterte sa poder, 28 beses nang tumaas ang presyo ng mga produktong petrolyo. Sa nakaraang 10 buwan lamang, tumaas na nang P13.50/litro ang *diesel* at P13.37/litro ang gasolina. Bahagi nito ay epekto ng TRAIN (Tax Reform for Acceleration and Inclusion) Law na nagdagdag ng P2.80 kada litro sa presyo ng diesel P2.97 para sa gasolina. Nitong Oktubre, pumalo sa pinakamataas ang presyo ng langis sa loob ng sampung taon.

Tumaas ang abereyds na presyo ng *diesel* nang P20.35/litro at nang gasolina ng P19.35 mula 2016. Sa Metro Manila, nasa P48.30/litro ang presyo ng *diesel* at ang presyo ng gasolina ay nasa P60.50/litro na ngayon. Taong 2008 pa huling pumalo nang P60-61/litro ang presyo ng gasolina.

Walong beses ding tumaas ang presyo ng *liquefied petroleum gas* (LPG) sa taong ito. Sa ngayon, ang LPG ay ibinebenta sa Metro Manila sa presyong P866 kada 11-kilong tangke mula sa P400-P650 noong 2016.

Sinamantala ng malalaking kumpanya ng langis ang probisyon ng awtomatikong pagtataas ng presyo o "price adjustment" na nakasaad sa Oil Deregulation Law ng 1998. Gamit ang mekanismong ito, pinahihintulutan ang mga kumpanya ng langis na magtaas ng mga presyo alinsunod sa paggalaw ng presyo ng krudo sa pandaigdigang merkado at ng palitan ng piso at dolyar. Sa ilalim nito, nadagdagan ng mga kumpanya ang kanilang kita nang P1.41/litro mula sa nabebenta nilang *diesel*, at mga P2.53/litro ng gasolina.




Ipinangako ng rehimen na isususpinde nito ang pangungolekta ng bagong buwis sa mga produktong petrolyo kapag pumalo sa $80/bariles ang presyo ng krudo sa internasyunal na pamilihan. Alinsunod ito sa isang probisyon sa batas na TRAIN. Pero ayon sa IBON, matagal nang pumalo sa $80/bariles ang krudo, kung pagbabatayan ang palitan ng piso at dolyar sa panahong ipinasa ang TRAIN. Gayundin, ilang beses nang pumalo sa presyong ito ang krudo sa pamilihan ng Singapore.

Masahol pa, ginagamit ngayon ng rehimen ang matataas na presyo para itulak ang *joint oil exploration* ng Pilipinas at China sa South China Sea, partikular sa Recto Bank. Ang Recto Bank ay bahagi ng Spratly Islands na soberanong teritoryo ng bansa.

**Sobra-sobra ang suplay pero mataas ang presyo**

Tuluy-tuloy na sumisirit ang presyo ng langis sa Pilipinas sa harap ng pagtatangka ng pandaigdigang kartel sa langis na kontrolin ang suplay at presyo sa harap ng sobra-sobrang suplay at mababang pangangailangan para rito sa internasyunal na pamilihan.

Bumagsak ang presyo ng krudo $40/bariles noong 2015, mula sa pinakamataas nitong P115/bariles noong 2016. Ibinunsod ito ng sobrang produksyon ng mga bansa sa Middle East, partikular ng Saudi Arabia, at sobra-sobrang pagmimina ng *shale oil* (langis na nakukuha mula sa bato) sa US.

Sa kabila ng ilang ulit na kaisahan ng OPEC (Organization of Petroleum Exporting Countries) na bawasan ang produksyon ng langis, pinanatili ng US at Saudi Arabia na mataas ang produksyon at mababa ang presyo ng langis sa tangkang paluhurin ang ibang bansa at agawin ang mga merkado. Sa partikular, tinarget nitong pilayin ang mga karibal nitong bansa, tulad ng Venezuela, Russia at Iraq na pawang nakasandig sa pag-eeksport ng langis.

Subalit simula 2017, kinaltasan ng Saudi Arabia, sa pakikipag-usap sa Russia, ang kanilang produksyon ng langis. Sa US, matapos umabot sa pinakamataas sa kasaysayan ang produksyon ng *shale oil*, binawasan ito hanggang sumadsad ang imbentaryo ng langis noong Hulyo sa pinakamababang antas mula Pebrero 2015.

Nito namang Mayo, unilateral na ibinasura ng US ang kasunduang nukleyar sa Iran at nagbanta sa ibang bansa na mag-aangkat ng langis mula sa naturang bansa. Layunin nitong kaltasan nang hanggang isang milyong bariles ang suplay ng krudo sa internasyunal na merkado at agawin ang pamilihang hawak ng Iran. Bumagsak din nang isang milyon ang produksyon ng langis ng Venezuela dulot ng matinding presyur ng US sa ekonomya at pulitika ng bansa.

Resulta ng lahat nang ito, umakyat tungong $78 ang bawat bariles ng krudo noong Abril mula P66/bariles sa simula ng taon. Gayunpaman, ang pagtaas na ito ay nakatakdang mabawi dulot ng pananatili pa ring mataas ng produksyon sa kabila ng mga pagbabawas kumpara sa bumibili nito. AB

# Panghihimasok ng US sa bansa, lumalawak

Taliwas sa pinalalabas ni Rodrigo Duterte na hindi niya nais ang tulong ng US, limpak-limpak na salapi at tone-toneladang armas ang tinanggap ng rehimen kamakailan mula rito. Sa pamamagitan ng mga ito, higit na pinalalawak ng rehimeng Duterte ang panghihimasok ng imperyalistang US sa bansa.



Inihayag ng US noong Agosto na ang Pilipinas ang nakatatanggap ng pinakamalaking "ayudang" militar mula sa US sa buong South East Asia. Umaabot na sa higit P5 bilyon ang halaga ng kagamitang militar na pinondohan ng US para sa Armed Forces of the Philippines (AFP) mula Enero 2017 hanggang Agosto 2018.

Kabilang sa mga kagamitang ito ang *tactical drone system* na ginamit sa pag-atake sa Marawi City noong 2017; daan-daang pistolang Glock, mga M4 *carbine* at *grenade launcher*; dalawang iniretiro nang eroplanong C-208 Cessna para sa paniniktik; ang P687 milyon-halagang Scan Eagle *drone system*; at ang Special Airborne Mission Installation and Response System na nagkakahalaga ng P807 milyon, at nagbibigay ng kakayahan sa eroplanong C-130 Hercules na paigtingin ang kapabilidad nito sa paniniktik, at *command and control*. Maging ang dalawang helikopter na Bell na donasyon umano ng bansang Jordan noong Agosto, ay itinustos din ng US sa pamamagitan ng Third Party Transfer nito. Dagdag dito ang mga gamit-militar na ibinigay ng US sa Marines Special Operations Group noong Hunyo na nagkakahalaga ng P178 milyon; at ang nakatakdang ideliber ng US na dalawang lumang pang-atakeng eroplano na OV-10 Bronco ngayong taon.

Ayon kay Jose Romualdez, embahador ng Pilipinas sa US, magbibigay pa ang US ng dagdag na P1.4 bilyon sa porma ng mga kagamitan at aktibidad pangmilitar sa AFP sa susunod na dalawang taon upang paunlarin umano ang kapasidad ng bansa laban sa mga "terorista." Ang pondong ito ay manggagaling sa badyet ng US para sa Overseas Contigency Operation (OCO), ang pondo para sa gera "kontra-terorismo" nito sa iba't ibang bahagi ng mundo. Itinuturing ng US na OCO ang mga operasyon ng Operation Pacific Eagle at ang mga pinagsanib na pagsasanay-militar sa bansa.

Kaugnay nito, ihinatid na ng gubyerno ng US nitong Setyembre ang may limang milyong bala at pampasabog para sa AFP. Kabilang dito ang mga balang 5.56 mm at 7.62 mm (para sa M16 at M14), mga bala para sa 12-*gauge shotgun*, kalibre .50 na mga bala, at mga *stun grenade* na nagdudulot ng pansamantalang pagkabingi at pagkabulag, at kalimitang ginagamit ng pulisya ng US laban sa mga raliyista. Nagkakahalaga ang lahat ng ito ng P117.4 milyon.

Ang mga balang ito ay nakalaan para sa Light Reaction Regiment at iba pang yunit sa ilalim ng AFP Joint Special Operations Group, na espesyal na sinanay ng US para magsilbing kahalili sa gera "kontra-terorismo" na inilulunsad nito sa bansa.

Nauna na ring inihatid ng militar ng US ang isang milyon pang bala para sa Philippine Air Force (PAF), na binili sa ilalim ng US Foreign Military Sales Program para sa mga operasyong pambobombo at istraping ng mga eroplano at helikopter ng PAF.

**Mas marami, mas madalas na pinagsanib na mga pagsasanay**

Pinayagan na rin ni Duterte ang pagdami at pagdalas ng mga pinagsanib na pagsasanay-militar ng US at AFP, taliwas sa kanyang pahayag noong 2016.

Sa pulong nina AFP Chief of Staff Carlito Galvez at Admiral Philip Davidson, kumander ng US Indo-Pacific Command (Indo-PACOM), nitong huling linggo ng Setyembre, pinagkasunduan ng dalawang heneral na palalawakin at padadalasin ang pinagsanib na mga pagsasanay sa 2019.

Mula sa 261 pagsasanay ngayong 2018, nakatakdang magkaroon ng 281 pagsasanay sa 2019, na magbibigay-diin umano sa seguridad pandagat, *humanitarian aid*, at "kontra-terorismo."

Ngayong taon, samu't saring pinagsanib na pagsasanay na ang ginawa ng militar ng US at ng AFP. Ang isang kasalukuyang nagaganap ay ang ikalawang edisyon ng "Kaagapay ng mga Mandirigma ng Dagat" (KAMANDAG 2), na itinakda sa Oktubre 2-10. Liban pa sa tropang Amerikano at Pilipino, may tropang Hapon ding kasali sa nasabing pagsasanay.

Pinangunahan din ng US Indo-PACOM ang "Rim of the Pacific" (RIMPAC) Exercise na dinaluhan ng mga kaalyadong bansa nito, kabilang ang 700 tauhan ng Philippine Navy sa Honolulu, Hawaii noong Hunyo hanggang Agosto. Ang RIMPAC ang isa sa pinakamalaking pinagsanib na pagsasanay na pinangungunahan ng US upang magpakitang-gilas sa Indo-Pacific.

**'Social media cell'**

Maging sa larangan ng *social media*, nanghihimasok na din ang US. Inanunsyo ng embahada nito kamakailan na natapos na ng US Army ang pagsasanay ng isang "social media monitoring cell," na bahagi ng Civil Military Operations Regiment ng Philippine Army na sinimulan noong Hulyo 23.

Gagamitin ng espesyal na grupong ito ang pasilidad at kaalaman na sinuplay ng US para supilin ang kalayaan para magpahayag ng sarili at ang kalayaan sa pamamahayag ng lahat ng mga kalaban sa pulitika ng rehimen na arbitraryo nitong binansagang "terorista." AB